Mga Impormasyon Tungkol sa Gamot

ATAZANAVIR (Reyataz)

Bakit ako pinaiinom ng gamut na Atazanavir?

- Ang Atazanavir (tinatawag ding Reyataz) ay iniinom na kasama ng ibang gamot laban sa HIV infection.
- Ang Atazanavir, isa sa mga gamot na tinatawag na "Protease Inhibitors" (PI), ay humahadlang sa protinang "Protease". Kailangan ng HIV virus ang protinang ito upang magparami, kaya't kung ito'y mahahadlangan, babagal ang paglala ng HIV infection.
- Mababababawasan ang HIV virus sa katawan kapag uminom ng gamot na ito. Maari ring maiwasan ang pagkakaroon ng mga sakit na AIDS-related, mapananatiling malusog ang katawan ng mas matagal na panahon, at mababawasan ang pagkasira ng immune system.

Paano iniinom ang gamot na ito?

- Ang Atazanavir ay nakukuha sa kapsulang 150mg at 200mg.
- Kadalasa'y iniinom ito, 400mg (dalawang 200mg na kapsula) minsan maghapon kung ito lamang ang protease inhibitor na kasama sa paggagamot. Kadalasan din ay ginagamit itong kasabay ng isa pang Protease Inhibitor na Ritonavir. Kung iniinom ito ng magkasama, ang wastong pag-inom ay 300mg ng Atazanavir at 100mg na Ritonavir, minsan maghapon.
- Ang Atazanavir ay kailangang inumin ng may kasamang pagkain.
- Itago ang Atazanavir sa mga lugar na tuyo at katamtaman ang temparatura. Huwag ilalagay sa banyo o kusina dahil maaaring mawala ang bisa nito kapag namasa.
- Itabi sa isang lugar na hindi maaabot ng mga bata.

Paano kung malimutan ko itong inumin?

- Inumin ito kaagad sa sandaling maalala mo. Kung ang susunod na inom ay sa loob ng dalawang oras, sundin na lamang ang schedule. Huwag dodoblehin ang inom.
- Napatunayan sa mga bagong pag-aaral na upang umepekto ang mga gamot laban sa HIV, kailangang regular ang pag-inom nito. Kung hindi, maaaring mawala ang bisa ng mga gamot, at ang virus ay maaaring mag-iba at maging resistant.

Anu-ano ang mga side effects ng Atazanavir?

- Ang mga karaniwang side effects ng Atazanavir ay: pananakit ng ulo, pagsusuka, mga pantal sa balat, pananakit ng tiyan, paninilaw ng balat o ng mga puti ng mata. (jaundice).
- Maaari itong maging sanhi ng paglala ng problema sa atay, sa mga taong mayroong hepatitis B o C.
- Ang mga madalang nguni't malalang side effects ay: arrhytmia (hindi regular na pagtibok ng puso) at lactic acidosis na may sintomas na matinding pagsusuka, hindi inaasahang pagkapagod, pagduduwal at pananakit ng tiyan.
- May mga pananaliksik na nagpakita na ang Atazanavir, kumpara sa ibang Protease Inhibitors ay hindi gaanong nagpapataas ng lipid levels (kolesterol at triglycerides).
- Kumunsulta sa doktor o parmasyutiko kung makaranas ng ganitong mga side effects. Huwag itititigil ang pag-inom ng gamot hangga't hindi kumukunsulta sa kanila.

Puwede bang inumin ang Atazanavir kasama ng ibang gamot?

- Ang Atazanavir ay maaaring mag-interact sa ibang gamot. Mahalagang ipaalam sa doktor o parmasyutiko kung anu-anong prescription at non-prescription drugs ang iniinom mo (gayundin ang mga vitamins at herbs).
- Ang mga gamot na hindi dapat inumin kapag imiinom ng Atazanavir ay sumusunod:
  - Crixivan (indinavir)
  - St. John's Wort (hypericum perforatum)
  - Sedatives: Halcion (triazolam), Versed (midazolam)
  - Mga gamot na pampababa ng kolesterol: Mevacor (lovastatin), Zocor (simvastatin)
  - Antihistamines: Hismanal (astemizole), Seldane (terfenadine)
  - Antibiotic: Rifadin (rifampin)
  - Mga gamot sa heartburn/anti-reflux: Prevacid (lansoprazole), Propulsid (cisapride), Losec (omeprazole), at
  - Mga gamot sa migraine: Ergomar, Cafergot
- Kung iniinom na kasama ng ddI o antacids, ang Atazanavir ay kailangang inumin, dalawang oras bago uminom ng ddI o antacids, o isang oras pagkainom ng mga ito. Ang dosage ng ibang gamot laban sa HIV ay maaaring ibahin kung imiinom ng Atazanavir.

Pawede bang inumin ang Atazanavir ng may kasamang alak o street drugs?

- Ipinapayong iwasan ang labis na pag-inom ng alak o paggamit ng street drugs kung umiinom ka ng Atazanavir. Ang alkohol ay maaaring mag-interact sa iyong mga gamot. Huwag palalampasin ang pag-inom ng mga gamot dahil lamang gusto mong uminom ng alak.
- Maaari ding mag-interact ang Atazanavir sa street drugs. Kumunsulta sa doktor o parmasyutiko kung gumagamit ka ng street drugs upang mapayuhan ka kung anong pag-iingat ang dapat mong gawin.

Puwede ba akong uminom ng Atazanavir kung ako ay buntis o nagpapasuso?

- Sa kasalukuyan, ang Atazanavir ay hindi ipinapayo sa mga buntis o mga bata.
- Ang HIV ay maaaring masalin mula sa gatas ng ina, kung kaya't ang pagpapasuso ay hindi ipinapayo sa mga buntis na may HIV.

Anu-ano pa ang dapat kong malaman at pag-ingatan kung umiinom ng Atazanavir?

- Kailangang magpatingin sa doktor ng regular at ipasuri ang dugo laluna ang kalagayan ng atay at bato.
- Tiyaking mayroong tuluy-tuloy na supply ng gamot.
- Ang Atazanavir ay hindi pumapatay sa virus o nagpapagaling sa AIDS. Hindi rin nito pinipigil ang pagsasalin ng HIV. Laging mag-ingat sa pakikipag-sex (gumamit ng kondom), o nagdudurog (gumamit ng malinis na karayom).

Copyright @ACAS 2001 & 2004. This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be downloaded at : www.acas.org/treatment. ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: support@acas.org

Legal Disclaimer: While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.